# Ikapu at mga Handog-ayuno



*“Dalhin ninyo ang buong ikasangpung bahagi sa kamalig, . . . at subukin ninyo ako ngayon sa bagay na ito, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, kung hindi ko bubuksan sa inyo ang mga dungawan sa langit, at ihuhulog ko sa inyo ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan.”*

**Malakias 3:10**

Mahal kayo ng inyong Ama sa Langit at nais kayong pagpalain sa lahat ng aspeto ng inyong buhay. Ang mga utos na ibinibigay Niya sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta ay makakatulong sa inyo na lumigaya sa buhay. Ang utos na magbayad ng ikapu, na ipinanumbalik sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, ay nagbibigay sa inyo ng pagkakataong makibahagi sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos sa lupa. Ang pagsunod sa utos na ito ay kinakailangan para mabinyagan sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

*Mga dakilang pagpapala ang ipinangako sa mga sumusunod sa utos na magbayad ng ikapu.*

## *Ano ang Ikapu?*

Ang ikapu ay donasyong ikasampung bahagi ng kita ng isang tao sa Simbahan ng Diyos. Ang kautusang ito ay ibinigay na noon pang panahon ng Lumang Tipan. Itinuro ni propetang Malakias ang kahalagahan ng ikapu at ang mga pagpapalang dumarating sa pagsunod sa batas na ito:

"Dalhin ninyo ang buong ikasangpung bahagi sa kamalig, . . . at subukin ninyo ako ngayon sa bagay na ito, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, kung hindi ko bubuksan sa inyo ang mga dungawan sa langit, at ihuhulog ko sa inyo ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan" (Malakias 3:10).

Noong 1838 inulit ng Panginoon ang utos na ito sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith:

"[A]ng aking mga tao . . . ay magbabayad ng ikasampung bahagi ng lahat ng kanilang tinubo taun-taon; at ito ay mananatiling batas sa kanila magpakailanman" (Doktrina at mga Tipan 119:3–4). Ang ibig sabihin ng *tinubo* ay kinita.

Ang inyong mga ikapu ay banal sa Panginoon, at pinararangalan ninyo Siya sa pagbabayad ng ikapu. Ang pagbabayad ng ikapu ay pagpapahayag ng inyong pananampalataya sa Diyos at sa Kanyang gawain.

## *Bakit Ako Dapat Magbigay ng Ikapu?*

Lahat ng mabuti sa buhay ninyo ay kaloob ng inyong mapagmahal na Ama sa Langit. Kapag ibinalik ninyo ang 10 porsiyento sa Kanya, ipinahahayag ninyo ang inyong pagmamahal, pananampalataya, at utang na loob. Ipinakikita ninyo sa Diyos na susundin ninyo Siya kahit mahirapan kayo; na ipakikita ninyo na aasa kayo sa Kanya sa halip na sa pera o mga materyal na bagay. Dahil sa inyong katapatan, nangangako sa inyo ang inyong Ama sa Langit ng mga pagpapalang lalong higit kaysa anumang ibibigay ninyo.

Bagama't nahihirapang maniwala ang ilang tao na kakayanin nilang magbigay ng ikasampung bahagi ng kanilang kita, nalalaman ng mga tapat magbayad ng ikapu na hindi nila kakayaning hindi magbayad ng ikapu. Sa napakatunay at kamangha-manghang paraan, nabubuksan ang





mga dungawan ng langit, at nabubuhos ang mga pagpapala mula rito. Tulad ng ipinaliwanag ng isang balong ina sa kanyang anak, “Hindi ko [kayo mapapalaki, mga anak,] nang wala ang mga pagpapala ng Panginoon, at natatamo ko ang mga pagpapalang iyon sa pamamagitan ng pagbabayad ng tapat na ikapu. Kapag nagbabayad ako ng aking ikapu, nasa akin ang pangako ng Panginoon na pagpapalain niya tayo, at kailangan nating matanggap ang mga pagpapalang iyon [para makaraos tayo]” (Dallin H. Oaks, *Ensign*, Mayo 1994, 33).

*Ang pagbabayad ng ikapu ay nagpapakita ng inyong pananampalataya kay Jesucristo. Kapag umasa kayo sa Kanya, tatanggap kayo ng lakas, patnubay, at suportang kailangan ninyo sa inyong buhay.*

Ang espirituwal na lakas ay nagmumula sa pag-asa sa Panginoon. Sa pagharap natin sa matitinding pagsubok sa buhay, kailangan natin ng ibayong pananampalataya, inspirasyon, at tapang. Ang mga pagpapalang ito ay mabubuhos mula sa mga dungawan ng langit bunga ng pagsunod sa batas ng ikapu.

Bukod pa rito, nalalaman ng maraming tao na dahil tapat silang magbayad ng ikapu higit nilang naisasaayos ang kanilang kabuhayan at natutugunan ang kanilang mga pangangailangan. Ang pagbabayad ng ikapu ay nagtuturo sa atin na pigilin ang ating mga pagnanais sa mga materyal na bagay at maging tapat sa ating kapwa. Natututo tayong magtiwala na ang naibigay sa



atin, sa pamamagitan ng mga pagpapala ng Panginoon at sa sarili nating mga pagsisikap, ay sasapat para sa ating mga pangangailangan.

Gaano man kalaki ang inyong kita, pagpapalain kayo sa pagbabayad ng ikapu. Nang makita ni Jesus na inilagay ng isang babae ang iilan niyang barya sa kabang-yaman ng templo, sinabi Niya sa Kanyang mga disipulo, "Ang dukhang baong babaing ito, ay naghulog ng higit kay sa lahat ng nangaghuhulog sa kabang-yaman: sapagka't silang lahat ay nagsipaghulog ng sa kanila'y labis; datapuwa't siya . . . ay inihulog ang buong nasa kaniya" (Marcos 12:43–44).

## *Paano Ginagamit ang mga Pondo ng Ikapu?*

Ang ikapu ay batas ng pananalapi ng Panginoon para sa Kanyang Simbahan. Ang mga donasyong ikapu ay lagi nang ginagamit sa mga layunin ng Panginoon, na inihahayag Niya sa pamamagitan ng isang kapulungan ng Kanyang mga lingkod. Ang ilan sa mga gamit na ito ay:

- Pagtatayo at pagpapanatiling maayos ng mga templo, kapilya, at iba pang gusali ng Simbahan.
- Pagsuporta sa mga aktibidad at pagpapatakbo ng mga lokal na kongregasyon ng Simbahan.
- Pagsuporta sa mga programa ng Simbahan, kabilang na ang edukasyon at pagsasaliksik sa family history.

Ang mga ikapu ay binabayaran nang hindi lantaran, at ang impormasyon tungkol sa mga donasyon ay mahigpit na pinananatiling kumpidensyal.


JESUS CHRIST

## *Pag-aayuno at mga Handog-ayuno*

Bukod pa sa pagbabayad ng ikapu, inutusan tayong magbahagi ng ating kabuhayan para tulungan ang mga dukha at nangangailangan. Ang isang paraan para magawa ito ay sa pag-aayuno at pagliban sa pagkain at pag-inom nang dalawang magkasunod na kainan. Ipinanumbalik ng Panginoon ang alituntunin ng pag-aayuno sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, at nagtalaga ang Simbahan ng isang Linggo sa isang buwan bilang araw ng pag-aayuno. Ang pag-aayuno, na lagi nang isang palatandaan ng totoong simbahan, ay isang pagkakataong mapanariwa ang espiritu at mapalapit sa ating Ama sa Langit.

Bilang bahagi ng pag-aayuno, ang mga miyembro ng Simbahan ay nagbibigay ng bukas-palad na handog-ayuno para sa pangangalaga ng mga dukha at nangangailangan. Ang handog na ito ay hindi dapat kulangin sa halaga ng dalawang pagkaing hindi kinain ng miyembro ng Simbahan habang nag-aayuno. Ang pondong ito ay ginagamit upang maglaan ng pagkain, kanlungan, at iba pang mga pangangailangan sa mga taong nangangailangan, kapwa sa ating bansa at sa buong mundo.

Walang itinakdang halaga ng donasyon para sa mga handog-ayuno. Sa pagbibigay ninyo nang bukas-palad sa pondong ito, pagpapalain kayo kapwa sa espirituwal at sa temporal sa pagnanais ninyong matulungan ang iba.





## Karagdagang Pag-aaral

Ang sumusunod na mga tanong at banal na kasulatan ay makakatulong sa inyo na pagnilay-nilayin pa ang mga alituntunin sa polyetong ito. Ituturo sa inyo ng mga talababa at reperensya sa mga banal na kasulatan ang mga karagdagang talata at sanggunian tungkol sa mga alituntuning ito.

### Bakit mahalaga ang ikapu?

Levitico 27:30 (Biblia, Lumang Tipan)

Lucas 12:16–21 (Biblia, Bagong Tipan)

### Ano ang mga pagpapalang dumarating mula sa pagbabayad ng ikapu?

Malakias 3:8–12 (Biblia, Lumang Tipan; tingnan din sa 3 Nephi 24:8–12, Aklat ni Mormon, pahina 664)

Mateo 6:31–33 (Biblia, Bagong Tipan; tingnan din sa 3 Nephi 13:31–33, Aklat ni Mormon, pahina 636)


"Ikapu," *Tapat sa Pananampalataya* (Matutulungan kayo ng mga misyonero o ng isang miyembro ng Simbahan na makakuha ng kopya ng aklat na ito. Makikita rin ninyo ito sa internet sa www.mormon.org.)

### Paano ko matutulungan ang mga dukha at nangangailangan?

Isaias 58:6–7 (Biblia, Lumang Tipan)

Mateo 19:21 (Biblia, Bagong Tipan)

Mosias 4:26 (Aklat ni Mormon, pahina 223)




# *Ano ang Dapat Kong Gawin?*

- *Patuloy na basahin ang Aklat ni Mormon.*
  *Mga mungkahing babasahin:* ____________________

  ____________________

- *Magsimulang magbayad ng buong ikapu. Ipanalanging tulungan kayo na masunod ninyo ang utos na ito.*

- *Magsimba sa Linggong darating.*

- *Patuloy na maghanda para sa binyag.*
  *Petsa ng binyag:* ____________________

- *Bisitahin ang www.mormon.org upang maragdagan ang kaalaman tungkol sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.*

- *Patuloy na magpaturo sa mga misyonero upang maragdagan ang kaalaman tungkol sa kung paano mapagpapala ng mga utos ng Diyos ang inyong buhay.*

  *Susunod na pagkikita:* ____________________

  *Pangalan at numero ng telepono ng mga misyonero:*

  ____________________

  ____________________

  ____________________

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

**www.mormon.org**

TAGALOG
4 02011 59893 2
01159 893

**Image Credits**
Pabalat sa harapan, detalye mula sa *Si Cristo at ang Mayamang Pinuno,* ni Heinrich Hofmann, Sa kagandahang-loob ng C. Harrison Conroy Co., Inc.
Pahina 8, detalye mula sa *Lahat ng Kanya,* ni Simon Dewey. © Simon Dewey

© 2007 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa USA. Pagsang-ayon sa Ingles: 2/06. Pagsang-ayon sa pagsasalin: 2/06. Pagsasalin ng *Tithing and Fast Offerings*. Tagalog